



PARA SA AGARANG PAGLABAS

### **Update 3: Ginagawa ng Lungsod ng Brampton ang karagdagang pangkalusugan at pangkaligtasang mga hakbang laban sa COVID-19 – Sarado ang City Hall at ang mga pasilidad, kinansela ang mga event at programa**

BRAMPTON, ON (Marso 13, 2020) – Kasunod ng anunsyo sa araw na ito ng Peel Public Health tungkol sa karagdagang mga Pag-iingat sa COVID-19 para Protektahan ang Peel, ang Lungsod ng Brampton ay gumawa ng mga mahalagang pagbabago sa mga serbisyo at programa para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kabutihan ng ating komunidad.

#### **Mga Event na Pinapatakbo ng Lungsod**

Ang lahat ng mga event na pinapatakbo ng lungsod na magaganap sa pagitan ng Marso 14 at April 5 ay kinakansela. Ang lahat ng event ng komunidad na magaganap sa mga pasilidad ng Lungsod ay kakanselahin din sa loob ng panahong ito.

#### **Programa sa Paglilibang at mga Camp sa Break sa Marso**

Simula sa Lunes, Marso 16, ang programa sa Break sa Marso ay kinakansela. Bukod pa, ang programa sa Paglilibang ay kinakansela mula Marso 16 hanggang Abril 5. Ibigay ang kumpletong refund. Pakikontak ang [reconnects@brampton.ca](mailto:reconnects@brampton.ca) para sa karagdagang impormasyon.

#### **Mga Pagsasara ng Pasilidad ng Lungsod**

Para makatulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, ang lahat ng pasilidad ng Lungsod kabilang ang City Hall, mga Sentro ng Paglilibang at Komunidad, mga Venue ng Performing Arts, at ang mga sangay ng Brampton Library ay magsasara mula Marso 16 hanggang Abril 5 kasali.

#### **Mga Pagpupulong ng Konseho**

Simula Marso 16 hanggang Abril 5 kasali, ang lahat ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, Komite ng Konseho at Komite ng Adjustment ay kinakansela.

#### **The Rose Brampton**

Simula Marso 16 hanggang Abril 5, 2020, ang lahat ng event na nakaiskedyul sa mga Venue ng Performing Arts sa Lungsod ng Brampton, kabilang ang The Rose Brampton, ay kinakansela o ipinagpaliban. Ang mga venue ng Performing Arts ay isinara sa publiko hanggang Abril 5, 2020.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Box Office ng The Rose Brampton sa mga oras ng trabaho (Lunes hanggang Sabado 10 AM hanggang 6 PM) sa 905 874 2800 ext. 62803 sa 62804, o mag-email sa [boxoffice@brampton.ca](mailto:boxoffice@brampton.ca).



### Mga Mahahalagang Serbisyo

Ang lahat ng kritikal na mga serbisyo, kabilang ang mga Serbisyo sa Fire at Emergency, Brampton Transit, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, Security Services, Animal Services at POA Courts ay magpapatuloy sa pag-operate ayon sa karaniwan para suportahan ang ating komunidad.

Para makatulong na protektahan ang kalusugan ng ating mga empleyado at mga residente, mas dinadalasan ng Lungsod ang paglilinis at pag-disinfect sa mga matitigas na surface at mga upuan sa mga bus, mga pasilidad at mga terminal.

### Mga Sentro sa Operation sa Emergency – Inaktiba ang Plano sa Tugon sa Emergency ng Lungsod ng Brampton

Ang Lungsod ng Brampton ay nagpapatuloy sa pagsunod sa payo ng Peel Public Health. Kahit na hindi nagdeklara ang Lungsod ng opisyal na emergency sa COVID-19, inaktiba ng Brampton's Emergency Management Office ang *Plano sa Tugon sa Emergency ng Brampton* sa Level 2. Ang pasya na ito ay nagpaposible sa mas mabilis na tugon sa pagtatalaga ng partikular na mga resource sa pag-iwas at pagkontrol

### Mga Sentro ng Pagtatasa ng COVID-19 – Peel Memorial

Binuksan ng William Osler Health System ang isang Sentro sa Pagtatasa ng COVID-19 sa Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness para i-screen at tasahin ang mga tao sa ating komunidad na nakakaranas ng posibleng mga sintoma ng COVID-19. Ang Osler Assessment Centre ay hindi walk-in clinic. Ang mga oras sa Assessment Centre ay mula 2 pm hanggang 8 pm, pitong araw kada linggo. Ang pasilidad na ito ay matatagpuan sa isang self-contained area sa Peel Memorial at hindi nakakaapekto sa ibang mga pasyente na dumadalo sa Urgent Care Centre o sa mga serbisyo sa outpatient sa lugar. Nagpapatuloy na isang ligtas na lugar ang Osler para makatanggap ng pangangalaga.

Para sa pagdalo sa mga event at programa ng Lungsod, hinihikayat ang mga tao na sumunod sa [inirerekumandang mga gawaing pangkalinisan ng Peel Public Health](#):

- Kung sinabihan kang [mag-monitor sa sarili](#), pakisundin ang payo ng iyong healthcare provider.
- Hugasan nang madalas ang mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer na mula sa alcohol.
- Iwasan ang paghipo sa iyong mga mata, bibig at ilong hangga't maaari.
- Iwasan ang kontak sa mga taong maysakit at sa kanilang mga kagamitan.
- Takpan ang iyong bibig at ilong kapag umubo at bumahin gamit ang tissue. Kung wala kang tissue, umubo o bumahin sa itaas na manggas o siko, hindi sa iyong mga kamay. Hugasan ang mga kamay matapos umubo at bumahin.
- Panatilihin ang nakalulusog na uri ng pamumuhay, kabilang ang nakalulusog na diyeta, ehersisyo at sapat na tulog, para mas mapalakas ang immune system ng iyong katawan.
- Magpabakuna laban sa trangkaso. Mas malamang na magkaka-trangkaso ka kaysa mahawahan ng COVID-19 at ang pagkakasakit ay nagpapababa sa iyong immunity sa ibang mga mikrobyo.



- *Kung kailangan mong ihiwalay ang sarili mula sa iba, pakisundin ang payo mula sa iyong healthcare provider.*

Seryosong hinaharap ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 at patuloy na sinusunod ang payo ng Peel Public Health. Ang pinaka-up to date na impormasyon ay makikita sa [www.peelregion.ca/coronavirus](http://www.peelregion.ca/coronavirus).

### **Mensahe mula kay Mayor Patrick Brown**

*“Gumagawa ng karagdagang mga hakbang ang Lungsod ng Brampton sa pagsasara sa mga serbisyo at pasilidad, at pagpapaliban sa mga event at programa para malimitahan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga mahalagang hakbang na ito ay poprotekta sa kaligtasan at kalusugan ng mga residente ng Brampton. Kinikilala natin ang epekto nitong mga pagsasara sa mga residente at patuloy na tinatasa at tinutugunan itong nagbabagong sitwasyon. Hinihikayat natin ang mga residente na sundin ang mga inirekumandang mga gawaing pangkalinisan at ipagpaliban ang hindi kinakailangang paggamit ng Brampton Transit.”*

### **Dagdag na impormasyon:**

- [City of Brampton COVID-19](#)
- [Update 2: City of Brampton taking additional health and safety measures against COVID-19](#)
- [Peel Public Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [City of Brampton – Service Information Update 1](#)
- [COVID-19 Assessment Centre at Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness](#)
- [Province of Ontario: Ministry of Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [Government of Canada - Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)
- [World Health Organization – Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)

-30-

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)



## Service and Information Update